# MAHALAGANG IMPORMASYON PARA SA MGA MAGIGING MAGULANG

## Ang mga Desisyon Ngayon ay Makakaapekto sa Kinabukasan ng Iyong Sanggol

Maraming magagandang plano ang gagawin kapag malapit ka nang magkaanak. Ngunit mahaharap ka rin sa maraming napakahalagang desisyon. Maaaring maipanganak ang iyong sanggol sa isang ospital na inaprubahang lumahok sa California Newborn Hearing Screening Program (NHSP, Programa ng Pagsusuri sa Pandinig ng Bagong Panganak na Sanggol). Sa panahon ng pamamalaging iyon sa ospital, bibigyan ka ng pagkakataong masuri ang pandinig ng iyong sanggol bago umuwi.

Dahil maaaring hindi makikita ang pagkawala ng pandinig, ang iyong desisyon na ipasuri ang pandinig ng iyong sanggol ay mahalaga. Ngayon, ginagawang posible ng teknolohiya na matukoy ang pagkawala ng pandinig sa mga unang araw ng buhay ng isang sanggol.

Ang mga unang buwan at taon sa buhay ng isang bata ay napakahalaga para sa pagbuo ng mga kasanayan sa komunikasyon. Ang isang sanggol na nawalan ng pandinig o hindi nakakarinig ay maaaring nahihirapan sa pagbuo ng normal na mga kasanayan sa wika o maaaring hindi maging mahusay ang pagganap sa paaralan. Dahil dito, mahalagang matukoy nang maaga ang pagkawala ng panding at magbigay ng mga espesyal na serbisyo sa sanggol at pamilya.

Inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics at iba pang mga propesyonal na organisasyon ang pagsusuri sa pandinig para sa lahat ng bagong panganak at hinihikayat ang malapit na pagsubaybay sa pandinig ng mga bata sa mga unang taon ng pagkabata.

## Ilang Sanggol ang Nawawalan ng Pandinig?

Ang malubhang pagkawala ng pandinig ay matatagpuan sa humigit-kumulang 2-4 sa 1,000 sanggol. Humigit-kumulang 50% ng mga sanggol na may pagkawala ng pandinig ay walang kilalang mga palatandaan o mga salik ng panganib, tulad ng malubhang karamdaman o kasaysayan ng pagkabingi sa pamilya. Ang ilang sanggol ay maaaring mawalan ng pandinig sa bandang huli sa buhay mula sa paulit-ulit na impeksyon sa tainga, meningitis, pinsala sa ulo o iba pang kondisyong medikal. Minsan nawawalan ng pandinig ang mga sanggol, at hindi alam ang dahilan.

## Paano Namin Sinusuri ang Pandinig?

Ang Newborn Hearing Screening ay isinasagawa bago ka at ang iyong sanggol lumabas ng ospital. Ang screening ay aabutin lamang ng ilang minuto habang natutulog ang iyong sanggol. Pinapatugtog ang mga banayad na tunog sa pamamagitan ng mga earphone na partikular na ginawa para sa mga sanggol. Ang pagtugon ng iyong sanggol sa tunog ay awtomatikong sinusukat ng Otoacoustic Emissions (OAE) o Auditory Brainstem Response (ABR). Matatanggap mo ang mga resulta ng screening bago ka lumabas ng ospital. Ang mga madaling paraan ng screening ngayon ay lubos na maaasahan. Bihirang hindi matukoy ang isang sanggol na walang pandinig.

## Sino ang Magbabayad para sa Hearing Screening?

Karaniwang sinasaklaw ng insurance ang gastos sa Newborn Hearing Screening. Babayaran ng Medi-Cal ang screening para sa mga karapat-dapat na sanggol.

## Ano ang California Newborn Hearing Screening Program?

Ang Children's Medical Services (CMS) ng California Department of Health Care Services (DHCS) ay isang Newborn Hearing Screening Program sa buong estado. Tumutulong ang Programa na matukoy ang pagkawala ng pandinig sa mga sanggol at maaaring gabayan ang mga pamilya sa naaangkop na mga serbisyong kailangan upang makatulong na bumuo ng mga kasanayan sa komunikasyon.

Layunin ng Newborn Hearing Screening Program ng California ang matukoy ang mga sanggol na walang pandinig at iugnay sila sa mga serbisyo bago mag-anim na buwan ng edad. Ang programa ay may mga Hearing Coordination Center na nakikipagtulungan sa mga pamilya, provider ng pangangalagang pangkalusugan at mga ospital upang makatulong sa pagtitiyak na ang mga bata ay makakakuha ng mga kinakailangang serbisyo.

Kinokolekta ng Newborn Hearing Screening Program ang impormasyon tungkol sa screening sa pandinig ng iyong sanggol ayon sa Seksyon 124119 ng Health and Safety Code. Maaaring gamitin ng mga Hearing Coordination Center ang impormasyong ito upang tulungan ka at ang iyong sanggol sa pagkuha ng mga serbisyong maaaring kailanganin mo. Posibleng makipag-ugnayan sa iyo ang Hearing Coordination Center tungkol sa mga follow-up na serbisyo.

**Kung mayroon kang mga katanungan o gustong matutunan pa ang tungkol sa Newborn Hearing Screening Program,**

- Tumawag nang walang bayad sa 1-877-388-5301
- o bisitahin kami sa web sa www.dhcs.ca.gov/services/nhsp